# Kinakailangang Pahintulot para sa Pribadong Balon, Tubig Pang-Inom, at mga Sistemang Tubig-Alkantarilya (Wastewater)

**Release Date: Abril 19, 2019**

Pribadong Balon/ Tubig Pang-Inom

Sa Estado ng Alaska, ang bayan ng Anchorage lang at ang lungsod ng North Pole ang may lokal na mga tuntunin sa aktibidad ng pribadong tubig balon. Responsibilidad ng mga may-ari ng pribadong balon sa labas ng dalawang komunidad na subaybayan ang kalidad ng kanilang balon. Ang Kagawaran ng Alaska ng Pangangalaga ng Kalikasan (Environmental Conversation) na Sangay ng Kalusugan ng Kalikasan (Division of Environmental Health) ay nakabuo ng pinakamainam na gawi sa pamamahala na kasama ang palagiang pagsusuri sa tubig at wastong gawi sa konstruksyon. Dapat punahin na ang Sangay ng Kalusugan ng Kalikasan ay nagtakda ng mga tuntunin sa distansya sa pagitan ng pribadong balon at sistema ng pagtatapon sa lugar at/o iba pang maaaring pagmulan ng karumihan.

Habang hindi namamahala ang estado ng Alaska ng pribadong balon, ang Sangay ng Kalusugan ng Kalikasan ang siyang namamahala ng sistemang tubig ng komunidad; hindi pansamantala at hindi pang-komunidad na sistema ng tubig (non-transient non-community water systems) at pansamantala at hindi pang-komunidad na sistema ng tubig (transient non-community water systems.) Ang mga may-ari ng mga nabanggit na sistema ay dapat makakuha ng nararapat na pagpapatibay mula sa Sangay ng Kalusugan ng Kalikasan upang makapagpagawa, makakabit, makapalit, makapagkumpuni, o magpatakbo ng pampublikong sistema ng tubig o kahit anong parte ng kahit anong sistemang nabanggit.

Ang mga sumusunod na link ay ibinahagi upang makatulong sa mga aplikante ng FEMA grant (kaloob) na maintindihan at tumalima sa estado at lokal na regulasyon at sa pinakamainam na kaugalian sa pamamahala.

Kinakailangang pahintulot para sa pribadong balon sa loob ng Bayan ng Anchorage:

http://www.muni.org/Departments/OCPD/development/onsite/Documents/Well%20Permit%20R

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Sistema ng Palahudyatan (System Codes) ng Tubig at Tubig-Alkantarilya sa loob ng Bayan ng Anchorage:

http://www.muni.org/Departments/OCPD/development/onsite/Pages/WaterWastewaterSystems

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pribadong Balon ng Tubig Pang-Inom at Mga Sistema kasama ang Pinakamainam na Kaugalian sa Pamamahala:

Sa mga lugar sa labas ng Bayan ng Anchorage:

http://dec.alaska.gov/eh/dw/dwp/private-wells/

Sa mga lugar sa loob ng Bayan ng Anchorage:

http://www.muni.org/Departments/OCPD/development/onsite/Documents

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba pang sistema ng tubig sa loob ng Alaska:

http://dec.alaska.gov/eh/dw/engineering.aspx#nogo

Impormasyon tungkol sa karapatan sa tubig sa Alaska:

http://dnr.alaska.gov/mlw/water/wrfact.cfm

Sistema ng Imburnal

Ang mga sistema ng pagtatapon ng dumi, o sistema ng imburnal sa mismong lugar, ay karaniwan sa Alaska. Ang wastong paglalagay at pag-aalaga ng mga may-ari ng bahay at mga kontratisto sa mga sistemang ito sa mismong lugar ay napakahalaga sa pagpapanatili sa kalusugan ng sistema, kalusugan ng publiko at kapaligiran ng Alaska. Sa mga lugar kung saan ang mga kalagayan ng lugar ay hindi angkop para sa karaniwang sistema ng pagtatapon ng dumi sa lugar, maaaring kailanganin ng mga may-ari na magkaroon ng ibang disenyo ng alternatibong sistema. May karagdagang kinakailangang pahintulot ang mga nakatira sa Anchorage. Higit sa lahat, ang pinakamainam na dapat gawin ay kumuha ng sertipikadong tagakabit para sa kahit anong pagpapaayos o pagpapabuti sa nasirang sistema.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa permiso para sa pagkakabit o pagpapaayos ng sistema ng pagtatapon ng dumi sa lugar:

https://dec.alaska.gov/water/wastewater/engineering

Para sa karagdagang kinakailangan tungkol sa permiso para sa sistema ng pagtatapon ng dumi sa loob ng Bayan ng Anchorage:

https://www.muni.org/Departments/OCPD/development/onsite/Pages/WastewaterPermitRequir